


Isang Metro

Kwentong Pambata ukol sa COVID-19

Kwento ni: Kate del Rosario

Guhit ni: Dandin Espina



Tsikiting Stories

ISANG METRO: TSIKITING STORIES

Copyright © 2020 by The Department of Human and Family Development Studies (DHFDS)

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or by any means, including photocopying, recording, or other electronic or mechanical methods, without the prior written permission of the publisher, except in the case of brief quotations embodied in critical reviews and certain other noncommercial uses permitted by copyright law. For permission requests, write to the publisher, addressed “Attention: Permissions Coordinator,” at the address below.

Department of Human and Family Development Studies (DHFDS)

College of Human Ecology (CHE),

University of the Philippines – Los Baños

Author: Kate del Rosario

Illustrator: Dandin Espina

Edited by: Paeng Ferrer

Layout artist: Paeng Ferrer

Ordering Information:

Quantity sales. Special discounts are available on quantity purchases by corporations, associations, and others. For details, contact the publisher at the address above. Please contact Tsikiting Stories at tsikitingstories@gmail.com.


Printed in the Philippines

Isang Metro

Kwentong Pambata ukol sa COVID-19

Kwento ni: Kate del Rosario

Guhit ni: Dandin Espina




"Gaano ba kalayo ang isang metro, nanay?" tanong ni Ella kay Aling Marie isang umaga.

"Bakit mo naman natanong, anak?" sagot ni Aling Marie habang naghahanda ng almusal.


"Narinig ko po kasi sa balita na kailangan daw po na isang metro ang layo tuwing pumipila sa mga pamilihan. Nakita ko rin po sa TV, nakaupo sila nang malayo sa isa't isa. Bawal daw po munang magtabi-tabi para hindi mahawa o makahawa ng... virus nga ba ang tawag doon?" sambit ni Ella.





"Tama ang narinig at nakita mo. Pansamantala, hindi muna pwedeng maglapit-lapit ang mga tao dahil mayroong virus na sobrang liliit at hindi natin nakikita. Coronavirus ang tawag sa virus na ito."


*"Kapag mayroong virus
na ito ang isang tao, pwede
siyang magkaroon ng lagnat,
ubo,..."*





*"...pananakit ng katawan,
o mahirapang huminga."*

*"Ang iba naman ay
masakit din ang tiyan at
lalamunan."*






"Malayo po ba 'yon? Hindi na po ba ako pwedeng makipaglaro ng "Nanay, Tatay" kay Ben 'pag isang metro ang layo? Hindi ko na rin po ba pwedeng ayusin ang mahabang buhok ng kaibigan kong si Julie?" malungkot na sagot ng bata.

"Tuwing uubo ang taong may sakit, sumasama ang virus sa kanyang ubo na maaring makahawa sa taong malapit sa kanya. Pwede ring magkaroon ng Coronavirus ang katabi niya. Pero dahil hindi niya nakikita ang virus, hindi niya alam na maaaring makahawa siya sa iba."






"Hindi ito maiiwasan kaya kailangang isang metro ang layo ng mga tao sa isa't isa. Pansamantala lang ito hanggang magamot ang mga may sakit at mawala na ang lahat ng virus."

"Ano po ang pwedeng gawin, nanay para hindi mahawa o hindi makahawa ng coronavirus?" pag-aalalang sagot ni Ella.

"Halika, pumunta tayo sa kusina," yaya ni Aling Marie.

Dinala ni Aling Marie si Ella sa lababo at tinuruang maghugas ng kamay. *"Kailangang lagi tayong naghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig, para sigurado tayong malinis ang ating kamay tuwing hahawak tayo sa ating sarili."*

Pinunasan ni Aling Marie ang mga kamay ni Ella. *"Iwasan nating hawakan ang ating mata, ilong, o bibig lalo na kapag nasa labas ng bahay. Kung uubo, umubo sa ating siko, at huwag sa kamay."*





"Iwasan din munang makipagkamay sa ibang tao. Paano kaya pwedeng bumati sa iba nang hindi nakikipagkamay?"

"Pwedeng kumaway, Nanay! Pwede ring mag "small heart," nakangiting sagot ni Ella.

"Tama! Pwede nga! Kaya sa panahong ito, hindi na muna tayo pwedeng lumabas ng bahay para maging ligtas tayo at ligtas din ang iba," sabi ni Aling Marie.

"Pansamantala lang naman po pala, Nanay! Hindi naman masyadong matagal! Akala ko hindi na ako maaring makipaglaro kina Julie at Ben. Ganito po ba ang isang metro, Nanay?" Ibinuka ni Ella ang kanyang kamay ng may isang dangkal habang nakasingkit ang mga mata.

Kinuha ni Aling Marie
ang gitara ni Mang Lino,
tatay ni Ella. "*Parang ganito
ang isang metro,*" paliwanag
nito habang ipinapakita kung
gaano kahaba ang gitara.





Matapos ay dinala ni Aling Marie si Ella sa pinto ng kanilang bahay. *"Tumayo ka sa isang gilid ng pinto at ako naman sa kabila. Halos ganyan ang isang metro."*

Sumunod
ay binisita nila
ang silid ni Ella.
*"Umupo ka sa
gitna ng iyong
kama, anak, at
tatayo ako sa
dulo. Ganyan ang
isang metro."*





"Hindi naman po pala masyadong malayo ang isang metro, Nanay! Makikita mo pa rin ang iba pero pareho kayong ligtas sa virus!" nakangiting tugon ni Ella.

Nilapitan ni Aling Marie and kanyang anak at niyakap nang mahigpit. Ang yakap ni nanay, hindi kailangan ng isang metro.



Nakita ni Ella si Julie na nakadungaw sa kanilang bintana. Dali-dali syang pumunta sa kanilang bintana at sumigaw, "*Julie, gusto mong maglaro? Kahit hindi ako pwedeng pumunta diyan, pwede tayong maglaro!*" Naglaro ng "bato-bato pik!" ang magkaibigan na nakadungaw sa kanilang mga bintana.

-Wakas-



Ukol sa may akda:

Si Teacher Kate ay isang guro mula sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB). Mahaba ang karanasan niya sa early childhood education. Naging inspirasyon ito upang magsulat ng ilang kwentong tumatalakay sa mga posibleng naiisip o nararamdaman ng mga bata sa iba't-ibang sitwaston. Nais niyang mapabuti ang kapakanan at maisulong ang maayos na pangkalahatang kalusugan ng bawat bata.

Ukol sa artist:

Si Kuya Dan ay isang Registered Social Worker at Child Protection Specialist. Tumulong siya sa mga bata at pamilya na nasalanata ng bagyong Yolanda mula 2013-2015. Ginagamit niya kanyang interes sa pagguhit upang isulong ang kapakanan at karapatan ng mga batang Pinoy.

